Dec 31 | Kapistahan ng Banal na Mag-anak Hesus, Maria at Jose

Taon B

LiturgyFun!

KatoLago
www.katolago.com
www.fb.com/katolago

Lucas 2, 22. 39-40 Nang dumating ang araw ng paglilinis sa kanila, ayon sa Kautusan ni Moises, dinala si Hesus ng kanyang mga magulang sa Jerusalem upang iharap sa Panginoon.

Nang maisagawa nila ang lahat ng bagay ayon sa Kautusan, bumalik na sila sa kanilang bayan, sa Nasaret, Galilea. Ang bata'y lumaking malakas, marunong at kalugod-lugod sa paningin ng Diyos.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

Panuto: Pagnilayan at sagutin ang mga katanungan. Kulayan ang larawan.

Paano mo ilalarawan si San Jose bilang ama ni Hesus?

Anong katangian ang hinahangaan mo kay Inang Maria?

Panalangin sa Sanggol na Hesus

† Munting Panginoong Hesus, simbolo ng wagas na pagmamahal ng Ama sa langit, ilapit mo kami sa iyong pusong dalisay.

Madaluyan sana kami ng Iyong kapayapaan at dalang pag-asa ng kaligtasan.

Maramdaman sana namin ang pag-ibig ng Iyong Mahal na Inang si Maria at Amang si Jose nang sa gayon makapaghatid din kami ng pagmamahal at pagkalinga sa aming kapwa. AMEN.

Manigong Bagong Taon mga KatolaKids!